2009 ONTARIO BUDGET

Confronting the Challenge
Building Our Economic Future

NEWS RELEASE

Ontario

Ministry of Finance

Ang Ontario Budget -- Lumilikha ng mga Trabaho para sa mga Pamilya Ngayon at Itinatatag ang Ekonomiya para sa Kinabukasan

Ang McGuinty Government -- Namumuhunan ng $32.5 Bilyon sa Infrastructure, Nagmumungkahi ng Sales Tax Reform at $10.6 Bilyon na Tax Relief para sa mga Tao

Ika-26 ng Marso 2009

BALITA

Ang 2009 Budget ng McGuinty government ay gumawa ng isang plano upang tulungan ang mga pamilyang apektado ng krisis sa ekonomiya na umaapekto sa buong mundo at pinuwesto nito ang Ontario upang ito'y maging mas kompetitibo para sa isang mas mayamang kinabukasan.

Ang Ontario government ay namumuhunan ng $34 bilyon para sa darating na dalawang taon upang itulak ang ekonomiya. Kabilang sa nasasapanahon at may layuning investment na ito ang $32.5 bilyon na gastos sa infrastructure at halos $700 milyon na karagdagang pondo para sa skills training. Ito'y magpapanatili o gagawa ng higit pa sa 300,000 trabaho sa darating na dalawang taon upang suportahan ang mga pamilya at mga komunidad sa Ontario.

Iminumungkahi ng gobyerno na pabilisin ang phase-in ng Ontario Child Benefit (OCB) at agahan ito nang dalawang taon kaysa sa nakaiskedyul, dagdagan ang social assistance rates at mag-invest sa social housing infrastructure.

Iminumungkahi rin ng Budget ang isang komprehensibong tax reform package kung saan kabilang ang paglipat sa isang single, value-added sales tax sa isang pinagsamang rate na 13 porsiyento sa ika-1 ng Hulyo 2010. Sa darating na tatlong taon, iminumungkahi ng McGuinty government ang $10.6 bilyon na tax relief para sa mga tao. Kasama rito ang $4 bilyon na mga pansamantalang bayad na cash at kasalukuyang isinasagawang permanenteng tax relief. Iminumungkahi ring bawasan nang $4.5 bilyon ang business taxes sa loob ng darating na tatlong taon.

ANO ANG SINABI

"Sa pamamagitan ng Budget na ito, tinutulungan ng McGuinty government ang mga pamilya na nasasaktan ng krisis sa ekonomiya na umaapekto sa buong mundo," sabi ni Ontario Finance Minister Dwight Duncan. "Pero higit pa rito ang ginagawa namin. Sa pamamagitan ng aming komprehensibong tax reform, ginagawa naming mas malakás at mas kompetitibo ang Ontario, at makakatulong ito sa ating mga pamilya at mga negosyo

kapag mahusay na naman ang ekonomiya. Ito ang kaisa-isang pinakamahalagang bagay na magagawa namin upang lumikha ng mga trabaho at upang ipuwesto ang ating ekonomiya para sa pagsulong sa kinabukasan."

MAIKLING IMPORMASYON

Pagpreserba at Paglikha ng mga Trabaho Ngayon

- Ang McGuinty government ay naglalaan ng $32.5 bilyon para sa mga proyekto sa infrastructure sa darating na dalawang taon; samakatwid ay magbibigay-suporta ito sa kinalkulang 146,000 mga trabaho sa 2009-10 at 168,000 mga trabaho sa 2010-11.

- Ang 2009 Budget ay naglalaan ng halos $700 milyon para sa darating na dalawang taon para sa new skills training at para sa mga inisyatibo sa pagtuturo na makabasa at makasulat at para pahusayin ang mga kasalukuyang programa.

- Dinaragdagan at ginagawang halos $90 milyon ng gobyerno ang pagpondo sa mga oportunidad ng mga kabataan na magtrabaho sa summer; ito'y makakapagbenepisyo sa summer na ito sa mahigit sa 100,000 mga kabataan -- kasama rito ang mga kabataan sa mga komunidad na talagang nangangailangan.

Pamumuhunan sa mga Bata at mga Pamilya

- Ang gobyerno ay namamahagi ng karagdagang $400 milyong children's benefits para sa darating na tatlong taon, at namamahagi sa low- at middle-income na mga pamilya ng Ontario Child Benefit payments na nagkakahalaga ng hanggang $1,100 bawat taon bawat bata simula sa darating na Hulyo; samakatwid ay nagbibigay ito ng mga karagdagang pagbabayad sa 115,000 pamilya.

- Ang gobyerno ay namamahagi ng $1.2 bilyon upang i-renovate ang 50,000 social housing units at magtayô ng 4,500 bagong abot-kayang housing units para sa mga senior na mababâ ang kinikita at para sa mga taong may kapansanan.

Paglikha ng mga Trabaho para sa Kinabukasan

Green Jobs para sa Kinabukasan

- Ang gobyerno ay namamahagi ng humigit-kumulang sa $390 milyon upang matumbasan ang kinalkulang bahagi ng Ontario sa pederal na Green Infrastructure Fund upang magdibelop ng mga inisyatibo na tutulong sa pagsasagawa ng iminungkahing Green Energy and Green Economy Act, 2009.

Pagpapabilis sa Innovation

- Inanunsiyo ng Budget ang $250 milyon para sa darating na limang taon para sa isang bagong Emerging Technologies Fund na may kasamang investments sa green technology.

Komprehensibong Tax Reform

- Simula sa ika-1 ng Hulyo 2010, kapag pinahintulutan ng lehislatura, ang Ontario ay lilipat sa isang modernong single value-added sales tax upang gawing mas kompetitibo ang Ontario at upang lumikha ng trabaho. Apat na provinces sa Canada at mahigit sa 130 bansa ang nag-adopt sa istruktura ng value-added tax, na siyang mas mahusay kaysa sa isang retail sales tax at na magpapahusay sa kakayahan ng mga negosyo sa Ontario na makipagpaligsahan at lumaki.
  - Kapag nangyari ito, ang mga libro, mga lampin, mga kasuotan at mga sapatos ng mga bata, mga car seat at mga car booster seat at feminine hygiene products ay hindi isasali sa provincial na bahagi ng single sales tax
  - Upang suportahan ang bagong housing, ang mga bahay na bagong tayô at na ang halaga ay mas mababâ sa $400,000 ay hindi mapapailalim sa karagdagang tax. Ang mga bumibili ng mga bagong bahay na ang halaga ay nasa pagitan ng $400,000 at $500,000 ay maaari ring mag-claim ng isang proportional rebate.

- Iminumungkahi ng McGuinty government ang $10.6 bilyon na pansamantala at permanenteng tax relief para sa mga tao para sa darating na tatlong taon upang tulungan ang mga consumer sa transisyon, at upang bigyan ang mga taong may low- hanggang middle-income ng permanenteng pagbawas sa personal income tax at pinahusay na sales tax at property tax relief na kasalukuyang isinasagawa.
  - Ang mga kwalipikadong pamilya na ang kinikita ay $160,000 o mas mababâ ay makakakuha ng tatlong bayad na ang total ay $1,000 upang tulungan silang mag-adjust sa bagong single sales tax. Ang mga kwalipikadong tao na walang asawa o partner na ang kita ay $80,000 o mas mababâ pa rito ay makakatanggap ng tatlong bayad na ang total ay $300
  - Ang unang bayad ng benefit ay maaaring dumating sa Hunyo 2010, ang pangalawa sa Disyembre 2010 at ang pangatlo sa Hunyo 2011.

- Iminumungkahi rin ng gobyerno ang sumusunod:
  - Isa sa pinaka-mapagkaloob na sales tax credits sa Canada, na magbibigay sa low- at middle-income Ontarians ng permanenteng refundable credit na hanggang $260 para sa bawat táong nasa hustong gulang at bata
  - $1.1 bilyon na mga pagbabawas sa income tax, na magbibigay sa Ontario ng pinakamababang provincial tax rate sa Canada para sa unang tax bracket.

- Iminumungkahi ng 2009 Budget ang $4.5 bilyon na pagbabawas sa tax para sa mga negosyo para sa darating na tatlong taon; gagawin nitong mas kompetitibo ang Ontario sa mga trading partner nito. Kapag ito'y kompleto nang naisagawa, kalahati ang maibabawas ng komprehensibong tax reform package sa marginal effective tax rate ng Ontario sa investment sa bagong negosyo; samakatwid ay gagawin nitong isa sa pinaka-kompetitibong lugar ang Ontario sa mundo ng

industriya para sa mga bagong investment. Simula sa ika-1 ng Hulyo 2010, iminumungkahi ng gobyerno ang sumusunod:

- Ibabâ ang 14 porsiyento na pangkalahatang Corporate Income Tax (CIT) rate at gawin itong 12 porsiyento at bawasan ang rate at gawin itong 10 porsiyento pagdating ng 2013
- Ibabâ ang 5.5 porsiyento na CIT rate para sa mga maliliit na negosyo at gawin itong 4.5 porsiyento
- Ibabâ nang 16.7 porsiyento ang CIT rate para sa manufacturing at processing — upang matulungan ang mga negosyo, kabilang ang farming, fishing, mining at logging — nang ang 12 porsiyento ay maging 10 porsiyento
- Tanggalin ang CIT small business deduction surtax, at dahil dito'y magiging kaisa-isang hurisdiksyon ang Ontario sa Canada na mag-aalis ng hadlang na ito sa mga lumalaking maliliit na negosyo
- Damihan ang small at medium-sized na mga negosyo na hindi isasali sa Corporate Minimum Tax at ibabâ ang apat na porsiyentong CMT rate at gawin itong 2.7 porsiyento.

Maingat na Pamamahala sa Pananalapi

- Ang mga revenue ng gobyerno ay bumaba nang malaki dahil sa krisis sa ekonomiya na umaapekto sa buong mundo. Ang ipinapalagay na magiging deficit ay sanhi ng malaking pagbabâ sa mga revenue at ng mga short-term na panukalang-batas upang itulak ang ekonomiya, at hindi ng malaking pagtaas ng gastos sa core program.

- Sa 2009 Budget, ang ipinapalagay na mga deficit ay $3.9 bilyon sa 2008-09 at $14.1 bilyon sa 2009-10. Ito'y nagbibigay ng isang plano upang mabalanse ang budget pagdating ng 2015-16 gamit ang parehong maingat na pamamahala na ginamit upang tanggalin ang $5.5 bilyong deficit na namana ng gobyerno noong 2003.

Kompetitibong Gobyerno

- Upang pagsikapan pa ang pamamahala sa gastos habang prinoprotektahan ang mga pangunahing serbisyo sa publiko, gagawin ng gobyerno ang sumusunod:
  - Aalamin nito sa 2011-12 kung saan mababawasan nang $1 bilyon ang mga gastos
  - Makakatipid ito sa mas malawak na public sector sa pamamagitan ng pagmungkahi ng ilang mga iuutos na procurement o pagkuha, tulad ng kolaboratibong pamimili
  - Imungkahi na panatilihin ang mga suweldo ng MPP sa kanilang kasalukuyang level para sa 2009-10 fiscal year
  - Bawasan nang limang porsiyento ang kalakihan ng Ontario Public Service para sa darating na tatlong taon sa pamamagitan ng pagbawas sa dami ng mga empleyado at iba pang mga hakbang.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Basahin ang background na impormasyon sa 2009 Ontario Budget:

- Pagpreserba at Paglikha ng mga Trabaho
- Mga Investment upang Lumikha ng mga Trabaho para sa Kinabukasan
- Komprehensibong Tax Reform Package
- Pamumuhunan sa mga Bata at mga Pamilya
- Ang Economic Outlook at Fiscal Plan ng Ontario

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga inisyatibo na nasa 2009 Budget para sa kalusugan, edukasyon at iba pang mga sektor.

Basahin ang highlights ng Budget:

- 2009 Ontario Budget Highlights
- Tinutulungan ang mga Pamilya sa Ontario
- Tax Savings para sa mga Pamilya at mga Negosyo

Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa komprehensibong tax reform package sa 2009 Ontario Budget

- 30 -

Para sa Mga Tanong ng Media
Alicia Johnston, Minister's Office, 416 325-3645
Scott Blodgett, Ministry of Finance, 416 325-0324
Para sa Mga Tanong ng Publiko
1-800-337-7222

ontario.ca/finance-news

Tagalog